



Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad

1. Ang Ating Layunin

Bilang isa sa mga nangungunang tagaproseso sa agrikultura at tagapagbigay ng mga sangkap na pagkain sa buong mundo, nangangako ang ADM na gagawa ito ng mga masusubaybayan at transparent na pang-agrikulturang supply chain na poprotekta sa mga kagubatan, biodiversity, at mga komunidad sa buong mundo. Sakop ng patakarang ito ang mga panlahat na pangakong naaangkop sa lahat ng supply chain, pati na rin ang mga mas partikular na pangako para matugunan ang pagkakumplikado ng mga supply chain ng palm oil at soy. Lalagyan ng ADM ang patakarang ng mga karagdagang paninindigan na partikular sa ilang supply chain kung kinakailangan. Layunin nating wakasan ang deforestation sa lahat ng ating supply chain hanggang 2025.

Bagama't hindi tayo nagpapalago ng mga pananim, nagtatrabaho tayo nang hiwalay at nang kasama ang iba pang stakeholder para matiyak na ang mga pananim na sino-source natin sa buong mundo ay sumusunod sa isang pamantayang patas sa lipunan at sustainable sa kapaligiran na makakapag-ambag sa kabuhayan ng mga komunidad kung saan pinapalago ang mga ito at poprotekta sa kapaligirang pinaghahatian nating lahat.

Magsisikap tayo sa lahat ng ating supply chain para makamit ang mga sumusunod:

- Walang deforestation/walang panununog¹ ng mga kagubatan,
- Isulong ang konserbasyon ng mga pinagkukunan ng tubig at biodiversity sa mga pang-agrikulturang lugar sa pamamagitan ng sustainable na pamamahala sa paggamit ng lupa at mga kasanayan sa pagpapanumbalik ng ekolohiya sa mga lugar na may high conservation value (HCV),
- Respetuhin ang mga karapatan ng mga Katutubo at Lokal na Komunidad sa lupa at mga mapagkukunan alinsunod sa *U.N. Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (Paghahayag ng U.N. tungkol sa mga Karapatan ng mga Taong Katutubo)*,
- Respetuhin ang mga Karapatang Pantao, alinsunod sa *U.N. Guiding Principles for Business and Human Rights (Mga Gumagabay na Prinsipyo ng UN sa Negosyo at mga Karapatang Pantao)*,
- Respetuhin ang mga Karapatan sa Paggawa gaya ng itinakda sa *Paghahayag ng International Labour Organization (ILO) tungkol sa Fundamental Principles and Rights at Work (Mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho)*,
- Respetuhin ang mga pambansa, pang-estado, pangmunisipal, at lokal na batas tungkol sa kapaligiran, kaligtasan, mga karapatang pantao, at mga karapatan sa paggawa,
- Pangasiwaan ang pagsasama ng mga smallholder sa supply chain,
- Hindi paggamit ng mga kemikal na nakalista sa *Stockholm Convention at Rotterdam Convention, listahan ng mga class 1A at 1B na pesticide ng WorldHealth Organization (WHO)*,
- Magsulong ng mga solusyon para mabawasan ang climate change at mga emisyon ng GHG,
- Suportahan ang agrikultura bilang paraan para masuportahan ang pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagbabawas ng kahirapan at pagpapaigting ng seguridad sa pagkain, at
- Makipagtulungan sa mga kahanay na kumpanya, pamahalaan, at lipunang sibil para makatulong na magtakda ng mga petsa ng cutoff sa deforestation para sa mga produkto sa buong sektor.

¹ Sa framework na ito, hindi tatanggapin ng ADM ang paggamit ng apoy para sa paglimas ng lupa.



Sakop

Nalalapat ang patakarang ito sa mga sariling operasyon ng ADM at sa lahat ng supply chain kung saan tumatakbo ang ADM, kasama na ang lahat ng tier ng supplier mula sa pinagmulan kung saan na-source ang mga produkto, at para sa lahat ng kumpanya/JV kung saan may hawak na stake sa pagmamay-ari ang ADM.

2. Pagpapatupad ng Patakarang

Bibigyan ng prioridad ang pagpapatupad batay sa pagsusuri sa panganib. Para mapaglaanan ang mga pagkakumplikado at pagkakaiba-iba ayon sa rehiyon ng supply chain, maaaring baguhin ang mga aktibidad sa pagpapatupad at pagpapatunay para matugunan ang iba't ibang produkto at/o mga partikular na katangian ng rehiyon kung saan tayo nagsasagawa ng direkta at hindi direktang sourcing ng mga produkto. Ang pagpapatupad sa bawat supply chain ay itutuon sa sumusunod na apat na haligi:

3.1 Pagsusuri at Kakayahang Masubaybayan ang Supply Chain: Susuriin ang mga available na sistema at pamamaraan sa sourcing sa bawat rehiyon para maunawaan ang mga potensyal na panganib sa lipunan at kapaligiran sa buong supply chain. Papanatilihin natin ang kakayahang masubaybayan na magbibigay-daan sa pagtukoy sa pananim na na-source sa pinakamababang posibleng unit. Ilalarawan ang granularity ng kakayahang masubaybayan sa mga tier ayon sa pagsusuri sa panganib.

3.2 Pakikilahok ng Supplier: Mahalaga ang epektibong komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa mga supplier para matiyak na nauunawaan nila nang mabuti ang ating mga pangako, at matulungan tayong makagawa ng mas sustainable na mga supply chain, nang sama-sama. Hihilingin natin sa ating mga supplier na patakbuhin ang kanilang mga negosyo sa etikal na paraan - kasama na ang pagkuha ng lupa at paggamit ng lupa - nang pasok sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon, at itaguyod ang ating mga pangako.

3.3 Pagsubaybay at Pagpapatunay: Magtatakda at mag-a-update ng mga pamamaraan sa pagsubaybay na batay sa rehiyon at supply chain para mapatunayan ang pagsunod ng supplier sa patakarang ito. Kung isasaad ng pagsusuri sa supply chain, gagamit ng remote sensing para masubaybayan kung saan ginagawa ang produkto.

3.4 Pag-uulat: Kinikilala natin na ang transparent at pana-panahong komunikasyon ay isang epektibong paraan ng pagpapakita sa publiko ng pag-usad sa ating pakikipagsapalaran. Susuriin at papamahalaan natin ang lahat ng reklamo ng hindi pagsunod gamit ang transparent na [mekanismo sa Reklamo at mga Resolusyon](#) na magiging inklusibo at patas. Tutugunan natin ang hindi pagsunod alinsunod sa protocol para sa pag-uulat sa [Pamamahala sa Hindi Pagsunod ng Supplier](#) sa dami ng mga nasuspindeng supplier sa pinag-uusapang supply chain. Ipagbibigay-alam ang pag-usad sa pagpapatupad sa pamamagitan ng ating mga pampublikong plano ng aksyon at ulat sa pag-usad na partikular sa produkto na makikita sa [Tracker ng Pag-usad sa Sustainability](#).

Ang kasalukuyang dokumento ay ang updated na bersyon ng orihinal na patakarang inilabas noong Marso 2015. Ang pamamahala sa patakarang ito ay sinuri ng Komite sa Sustainability at Corporate Responsibility ng kumpanya ng Lupon ng mga Direktor ng ADM.



Mga patakarang partikular sa supply chain:

Palm oil:

Ang ADM ay hindi nagmamay-ari ng mga plantasyon o mill ng palm oil, at hindi rin tayo nagso-source ng mga prutas ng palm oil o produkto ng palm oil sa mga mismong mill. Nagpapatakbo ang ADM ng mga refinery (sa USA at Europe) na nagpoproseso ng mga produktong palm na sino-source sa pamamagitan ng mga third party. Malapit tayong nakikipagtulungan sa ating mga third-party supplier para matiyak na nauunawaan nila ang kahalagahan ng ating mga pangako.

Bukod pa sa mga prinsipyo at pangako ng ating Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad, inaasahan nating papanindigan ng ating mga direkta at hindi direktang supplier ng palm oil ang mga sumusunod:

- Walang itatayong hotspot na lugar (High Conservation Value o High Carbon Stock),
- Walang itatayo sa mga peatland, gaano man kalalim², at ang paggamit ng pinakamahuhusay na kasanayan sa pamamahala para sa mga lupa at mga kasalukuyang produksyon ng produkto sa mga peatland,
- Hindi mangangaso ng mga bihira, threatened, o endangered species,
- Pagsasagawa ng mga Social and Environmental Impact Assessments (SEIA, Pagsusuri sa Epekto sa Lipunan at Kapaligiran) bago ang pagtanim ng bago o pagkatapos ng mga operasyon,
- Isulong ang paggamit ng mga Naka-integrate na Kasanayan sa Pamamahala ng Peste,
- Paglalapat ng mga prinsipyo ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC, Malaya, Pauna, at May Pinagbatayang Pahintulot) para matiyak ang proteksyon at pagsusulong ng mga karapatan ng mga taong katutubo at mga komunidad na may kahinaan. Kasama rito ang pero hindi ito limitado sa pagrespeto sa mga legal at nakasanayang karapatan sa lupa at pag-iwas sa mga aktibidad ng pangangamkam ng lupa,
- Responsableng pamamahala ng lahat ng reklamong inilapit sa pamamagitan ng transparent na pamamaraan sa reklamo. Lahat ng paratang na ilalapit ay susuriin at tutugunan alinsunod sa ating [mekanismo sa mga Reklamo at Resolusyon](#). Sang-ayon sa gumagabay na [Patakaran sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao ng RSPO](#), ipinapakita nito ang pangako nating protektahan ang mga Tagapagtanggol ng mga Karapatang Pantao, whistle blower, nagrereklamo, at tagapagsalita ng komunidad; at
- Makipagtulungan sa ADM at sa lahat ng partidong kinakailangan para mabigyang-daan ang pagbibigay ng pagkakataong makakuha ng patas at makatuwirang pagremedyo.

Sa tuloy-tuloy na pagsisikap na matupad ang mga pangako nito at maipatupad ang mga patakaran nito, gumawa ang ADM ng [Plano ng Aksyon](#) batay sa apat na haligi na nakabalangkas sa seksyon 3 ng Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad. Ang pag-usad sa Plano ng Aksyon ay iniuulat sa mga [Ulat sa Pag-usad](#) ng ADM kung saan binibigyang-diin din ang mga pagsulong sa kasalukuyang pakikipagsapalaran ng ADM sa sustainability.

² Nakatuon ang ADM sa pagsuporta sa seksyon 7.7. ng Mga Prinsipyo at Pamantayan ng RSPO at sa mga pamantayang itinakda sa manual ng RSPO para sa pinakamahuhusay na kagawian sa pamamahala para sa mga kasalukuyang plantasyon sa mga peatland.



Soy:

Hindi nagpapalago ang ADM ng soybeans, pero bumibili ito nito nang direkta sa mga magsasaka o nang hindi direkta sa mga third party gaya ng mga trader o aggregator na nagsasama-sama ng mga pananim mula sa maraming nagpapalago. Ibinebenta ang soybeans bilang whole beans, o ipinoproceso pa para maging mga produktong soy.

Sa tuloy-tuloy na pagsisikap na matupad ang mga pangako nito at maipatupad ang mga patakaran nito, gumawa ang ADM ng Plano ng Aksyon batay sa apat na haligi na nakabalangkas sa seksyon 3 ng Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad. Ang pag-usad sa Plano ng Aksyon ay iniulat sa [mga Ulat sa Pag-usad](#) ng ADM kung saan binibigyang-diin din ang mga pagsulong sa kasalukuyang pakikipagsapalaran ng ADM sa sustainability.

Bukod pa sa mga prinsipyo at pangako ng ating Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad, kasama sa mga pangako natin sa supply chain ng soy ang mga sumusunod para sa mga direkta at hindi direktang supplier:

Pagsusuri sa Panganib para sa Kakayahang Masubaybayan at Pagsubaybay

Magsasagawa ang ADM ng pagsusuri batay sa panganib para tukuyin ang uri ng kakayahang masubaybayan/pagsubaybay na kakailanganin ayon sa lokasyon³. Ang paninindigan sa sourcing ng ADM sa mga lugar na may mataas na panganib ay partikular na nakatuon sa soybeans na sino-source sa mga lugar sa South America, gaya ng mga biome ng Amazon, Cerrado, at Chaco.

- Sa mga lugar na may **mababang panganib** para sa deforestation, tukuyin ang sourcing ng bansang pinagmulan (hal: United States, Canada).
- Sa mga lugar na may **katamtamang panganib** para sa deforestation, tukuyin ang estado/lalawigan pinagmulan at kapag posible, ang antas ng munisipalidad.
- Sa mga lugar na may **mataas na panganib** para sa deforestation, tukuyin ang porsyento mula sa hindi direkta at direktang sourcing. Para sa direktang supplier, ang pinagmulan papunta sa bukid ng soy na sino-source (hal., kunin ang mga polygon ng bukid), at para sa mga hindi direktang supplier, kunin ang GPS coordinates.

Pag-convert ng mga Likas na Pananim

Bukod pa sa mga prinsipyo at pangako ng ating Patakaran para Protektahan ang mga Kagubatan, Biodiversity, at mga Komunidad, sa mga lugar na may mataas na panganib sa mga biome ng Amazon, Cerrado, at Chaco, gagawin ng ADM ang mga sumusunod:

- Magsulong ng mga inisyatiba para protektahan ang mga likas na pananim bukod pa sa mga kagubatan nang may layuning tapusin ang pag-convert ng mga likas na pananim sa loob ng pinakamaikling panahong posible para maiakma ang produksyon ng soy sa mga pangkapaligiran, pang-ekonomiya, at panlipunang interes.
- Gamit ang mga pinaka-updated na teknolohiyang batay sa siyensya para masubaybayan at masukat ang pang-agrikulturang pagpapalawak sa mga lugar na may mga likas na pananim.
- Isulong ang paggawa ng mga insentibo para makonserba ang mga likas na pananim at para sa paghimok sa pang-agrikulturang pagpapalawak sa mga dating na-convert na lugar. Itaguyod ang mga mekanismo para makapagbigay ng mga serbisyong pangkapaligiran para sa mga nagpapalago nang higit pa sa iniaatas ng batas.

³ May karagdagang impormasyon tungkol sa metodolohiya sa Annex II.



Mga naembardong lugar ng mga ahensyang pangkapaligiran:

Hindi magpopondo o bibili ang ADM ng soybeans na itinanim sa mga lugar na na-embargo ng lokal na ahensyang pangkapaligiran dahil sa hindi pagsunod sa lokal na lehislyang pangkapaligiran.

Moratoryo sa Soy ng Amazon

Mula 2006, hindi nagpopondo o bumibili ang ADM ng soybeans na itinanim sa mga lugar sa Amazon Biome na kinalbo pagkalipas ng Hulyo 2008.

National Pact for the Slavery Work Eradication (Pambansang Kasunduan para sa Eradikasyon ng Trabahong Pang-alipin)

Noong 2007, nanindigan ang ADM sa The National Pact for The Slavery Work Eradication na nagbabawal ng mga bagong negosasyon sa mga supplier na kasama ang mga pangalan sa *List of Slavery Work (Listahan ng Trabahong Pang-alipin)* ng Ministry of Labor ng Brazil.

Green Protocol of Grains sa Pará

Simula 2014, isa ang ADM sa mga lumagda sa protocol na ito na ineendorso ng Public Ministry, na may mga alituntunin para sa pag-source ng soy sa responsableng paraan sa Estado ng Pará.





Annex I

Glosaryo:

- **Kagubatan:** Lupang sumasakop sa lampas 0.5 ektarya na may mga punong lampas 5 metro ang taas at canopy cover na lampas 10 porsyento, o mga punong umaabot sa mga limitasyong ito sa orihinal na posisyon ng mga ito. Hindi kasama rito ang lupang pangunahing saklaw ng pang-agrikultura o panlungsod na paggamit ng lupa (FAO, 2020).

Mga tala ng paliwanag

1. Ang kagubatan ay tinutukoy ng pagkakaroon ng mga puno at kawalan ng iba pang pangunahing paggamit ng lupa. Dapat umabot ang mga puno sa minimum na taas na 5 metro sa orihinal na posisyon ng mga ito.
2. Kasama ang mga lugar na may mga batang puno na hindi pa umaabot pero inaasahang umabot sa canopy cover na 10 porsyento at taas ng puno na 5 metro. Kasama rin dito ang mga lugar na pansamantalang walang puno dahil sa pagpuputol at pag-aalis ng mga puno bilang bahagi ng kasanayan sa pamamahala ng kagubatan o mga likas na sakuna, at inaasahang tumubo ulit sa loob ng 5 taon. Sa mga hindi pangkaraniwang sitwasyon, maaaring maging katuwiran ang mga lokal na kundisyon para gumamit ng mas matagal na yugto ng panahon.
3. Kasama ang mga kalsada sa kagubatan, firebreak, at iba pang maliliit na bukas na lugar; mga kagubatan sa mga pambansang parke, nature reserve, at iba pang protektadong lugar tulad ng mga lugar na may partikular na interes kaugnay ng kapaligiran, siyensya, kasaysayan, kultura, o pananampalataya.
4. Kasama ang mga windbreak, shelterbelt, at corridor ng mga punong may lawak na lampas 0.5 ektarya at lapad na lampas 20 metro.
5. Kasama ang inabandonang lupa para sa shifting cultivation na may mga punong tumutubo ulit na may, o inaasahang magkakaroon, ng canopy cover na 10 porsyento at taas ng puno na 5 metro.
6. Kasama ang mga lugar na may mga bakawan sa mga tidal zone, klasipikado man ang lugar na ito bilang land area o hindi.
7. Kasama ang mga plantasyon ng rubber-wood, cork oak, at Christmas tree.
8. Kasama ang mga lugar na may mga kawayan at palm hangga't matutugunan ang mga pamantayan sa paggamit ng lupa, taas, at canopy cover.
9. Kasama ang mga lugar sa labas ng legal na itinalagang lupa ng kagubatan na tumutugma sa paglalarawan ng "kagubatan."
10. Hindi kasama ang mga tree stand sa mga sistema ng produksyong pang-agrikultura, gaya ng mga plantasyon ng mga puno ng prutas, mga plantasyon ng oil palm, olive orchard, at mga sistema ng agroforestry kapag nagpapalago ng mga pananim sa lilim ng puno. Tandaan: Dapat iklasipika bilang kagubatan ang ilang sistema ng agroforestry gaya ng sistemang "Taungya" kung saan nagpapalago lang ng mga pananim sa mga unang taon ng rotation ng kagubatan.

- **Mga Pangunahing Kagubatan:** Kagubatang likas na tumubo ulit na may mga likas na species ng puno, kung saan walang malinaw na nakikitang palatandaan ng aktibidad ng tao at hindi masyadong nagambala ang mga prosesong ekolohikal (FAO, 2020).

Mga tala ng paliwanag

1. Parehong kasama ang mga puro at pinapamahalaang kagubatan na tumutugma sa paglalarawan.
2. Kasama ang mga kagubatan kung saan nagsasagawa ang mga taong katutubo ng mga tradisyonal na aktibidad sa pangangalaga sa kagubatan na tumutugma sa paglalarawan.
3. Kasama ang kagubatang may mga nakikitang senyales ng mga pisikal na pinsala (gaya ng bagyo, niyebe, tagtuyot, sunog) at mga pinsalang dulot ng mga buhay na organismo (gaya ng mga insekto, peste, at sakit).
4. Hindi kasama ang mga kagubatan kung saan ang pangangaso, pangangaso nang walang pahintulot, panlalansi, o pangangalap ay nagsanhi ng kapansin-pansing pagkawala ng mga katutubong species o pagkagambala sa mga prosesong ekolohikal.
5. Ilan sa mahahalagang katangian ng mga pangunahing kagubatan ay:
 - nagpapakita ang mga ito ng likas na dynamics sa kagubatan, gaya ng likas na komposisyon ng species ng puno, pagkakaroon ng patay na kahoy, likas na istruktura ng edad, at mga likas na proseso ng muling pagtubo;
 - sapat ang laki ng lugar para mapanatili ang mga likas na prosesong ekolohikal nito;
 - walang alam na kapansin-pansing pakikialam ng tao, o ang huling kapansin-pansing pakikialam ng tao ay sapat na ang tagal para mabigyang-daan ang likas na komposisyon ng species at mga proseso na maitakda ulit.

- **Deforestation:** Ang hiwalay na pag-convert ng kagubatan sa iba pang paggamit ng lupa, pakana man ito ng tao o hindi (FAO, 2020).

Mga tala ng paliwanag

1. Kasama ang permanenteng pagbabawas ng canopy cover ng puno nang mas mababa sa minimum na 10 porsyentong limitasyon.
2. Kasama rito ang mga bahagi ng kagubatan na ginawang lugar na pang-agrikultura, pastulan, mga reserba ng tubig, para sa pagmimina, at panlungsod.
3. Partikular na hindi kasama sa termino ang mga lugar kung saan inalis ang mga puno bilang resulta ng pag-ani o pagtotroso, at kung saan inaasahang tutubo ulit ang kagubatan nang likas o sa tulong ng mga silvicultural na hakbang.
4. Kasama rin sa termino ang mga lugar kung saan, halimbawa, ang epekto ng pagkagambala, sobrang paggamit, o mga nagbabagong kundisyon ng kapaligiran ay nakakaapekto sa kagubatan hanggang sa hindi na ito makapagpanatili ng canopy cover na lampas sa 10 porsyentong limitasyon.



- Biodiversity o Biological Diversity: Ang pagkakaiba-iba ng mga buhay na organismo mula sa lahat ng source, kasama ang, bukod sa iba pa, lupa, dagat, at iba pang pantubig na ecosystem at ang mga grupong ekolohikal kung saan bahagi ang mga ito; kasama rito ang pagkakaiba-iba sa species, sa pagitan ng mga species, at ng mga ecosystem (Convention on Biological Diversity).
- Mga ecosystem: Kasama sa ecosystem ang lahat ng buhay na nilalang sa isang partikular na lugar, pati na rin ang interaksyon ng mga ito sa isa't isa, at sa mga hindi buhay na kapaligiran ng mga ito (panahon, mundo, araw, lupa, klima, atmospera). Bawat organismo ay may tungkuling gagampanan at nag-aambag sa kalusugan at pagiging produktibo ng ecosystem sa kabuuan.
- Mga pangkulturang landscape: Ito ay isang lugar kung saan malaki ang impluwensya sa kalikasan ng mga aktibidad sa pagbubukid.
- Sustainable na pamamahala ng lupa: Ang paggamit at pamamahala ng mga mapagkukunan sa lupa – lupa, tubig, mga hayop, at mga halaman – para sa paggawa ng mga produkto para matugunan ang mga nagbabagong pangangailangan ng tao, habang tinitiyak ang pangmatagalang produktibong potensyal ng mga mapagkukunang ito at ang pagpapantili ng paggana sa kapaligiran (FAO, ND)
- Pagpapanumbalik ng ekolohiya: ang proseso ng pagtulong sa pagbawi ng isang ecosystem na nasira, napinsala, o nawasak (SER, 2004).
- Tumutukoy ang High Carbon Value (HCV) sa mga lugar na mahalaga sa biolohiya, ekolohiya, lipunan, o kultura. Ang diskarte ng HCV ay unang binuo ng Forest Stewardship Council noong 1999, at mula noon, ginamit na ito ng Roundtable on Sustainable Palm Oil (RSPO), bukod sa iba pang pamantayan. May anim na uri ng mga HCV:
 - Mga konsentrasyon ng biological diversity.
 - Mga buong landscape ng kagubatan at malalaking ecosystem at ecosystem mosaic sa antas ng landscape.
 - Mga bihira, threatened, o endangered ecosystem, habitat, o refugium.
 - Mga pangunahing serbisyo sa ecosystem, kasama na ang pagprotekta sa mga harang na pang imbak ng tubig at pagkontrol sa erosyon.
 - Mga lugar at mapagkukunang mahalaga sa pagtugon sa mga pangunahing kinakailangan ng mga lokal na komunidad o mga taong katutubo.
 - Mga lugar, mapagkukunan, habitat, at landscape na may pandaigdigang o pambansang kahalagahan sa kultura, arkeolohiya, o kasaysayan, at/o kritikal na kahalagahan sa kultura, ekolohiya, ekonomiya, o relihiyon/kasagraduhan.
- High Carbon Stock o HCS: mga magagamit na bahagi ng kagubatan na nag-iimbak ng maraming carbon, na karaniwang nauugnay sa mataas na density ng mga pananim. Kapag inalis ang mga kagubatang HCS, partikular na kapag gumamit ng apoy para limasin ang lupa, ang carbon na nasa mga kagubatan ay mapapakawalan sa atmospera sa anyo ng CO₂.




- Peatland: Ang mga peatland ay isang uri ng mga wetland na makikita sa halos bawat bansa sa mundo, na kasalukuyang sumasaklaw sa 3% ng pandaigdigang surface ng lupa. Tumutukoy ang terminong 'peatland' sa peat soil at wetland habitat na lumalago sa surface nito (IUCN, 2017).
- Free, Prior and Informed Consent (FPIC, Malaya, Pauna, at May Pinagbatayang Pahintulot). Noong 2007, ginamit ng UN General Assembly ang Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (Paghahayag ng U.N. tungkol sa mga Karapatan ng mga Taong Katutubo) ng United Nations, habang kinikilala ang kanilang mga karapatan at partikular na binabanggit ang Free, Prior and Informed Consent (FPIC) bilang paunang kinakailangan sa anumang aktibidad na makakaapekto sa kanilang mga lupaing ancestral, teritoryo, at likas na yaman.
- Direktang supplier para sa Palm: mga aggregator na posibleng magpalago, bumili, at/o magpino ng palm oil mula sa mga mill at/o crusher ng palm oil at magbenta, kung kanino may direktang komersyal na kaugnayan ang ADM.
- Hindi direktang supplier para sa Palm: mga grupo ng palm oil na mas upstream pa sa supply chain, kasama na ang (mga grupo ng) mga mill at crusher.
- Direktang supplier para sa Soy: sino-source ang soy mula sa magsasaka/kumpanya sa pagsasaka kung kanino may direktang komersyal na kaugnayan ang ADM.
- Hindi direktang supplier para sa Soy: sino-source ang soy mula sa mga aggregator, kooperatiba, at iba pang third party.
- Stake sa pagmamay-ari o stake sa equity: Ang porsyento ng isang negosyo na pagmamay-ari ng may hawak ng ilang share ng stock sa kumpanyang iyon (BusinessDictionary.com). Para sa layunin ng patakaran, tumutukoy ito sa stake sa pagmamay-ari na lampas 50% ng ADM.
- Mga Tier: Tukuyin kung saan nabibilang ang mga bansa at rehiyon sa bawat TIER.



Annex II Pagsusuri sa panganib ayon sa lokasyon para sa Soy.

Tree ng desisyon na gagamitin sa pagsusuri para maiklasipika ang mga TIER at tumukoy ng panganib ng mga lokasyon kung saan nagpapalago ng soy.





Mga Sanggunian

FAO, 2020. Global Forest Resource Assessment 2020. Terms and Definitions. FRA 2020, Rome. Makikita sa <http://www.fao.org/3/i8661EN/i8661en.pdf>

FAO, ND. Factsheet: Sustainable Land Management. Land and Water Division (NRL), Rome. Makikita sa <http://www.fao.org/3/a-i4593e.pdf>

SER, 2004. Society for Ecological Restoration International Science & Policy Working Group (Version 2). Makikita sa: https://cdn.ymaws.com/www.ser.org/resource/resmgr/custompages/publications/ser_publications/ser_primer.pdf

UICN, 2017. Peatland and climate change. Issues Brief, Gland. Makikita sa https://www.iucn.org/sites/dev/files/peatlands_and_climate_change_issues_brief_final.pdf

BusinessDictionary.com

Convention on Biological Diversity. Makikita sa <https://www.cbd.int/doc/legal/cbd-en.pdf>

RSPO, 2018. HCV-HCSA assessments. Makikita sa https://rt16.rspo.org/ckfinder/userfiles/files/PC8_3%20Paulina%20Vilalpando.pdf

RSPO, 2020. Principles and Criteria. Makikita sa https://rspo.org/library/lib_files/preview/1079

